

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa pag-ampon sa iyo bilang Kanyang anak. Ipanalangin na lagi mong ikatuwa at ikamangha ang ginawa Niya para sa iyo sa pamamagitan ni Jesus.
- Ipanalangin na lalo pang lumakas ang pagtitiwala mo bilang anak ng Diyos. Hingin sa Diyos na bigyan ka ng mga pagkakataon upang maibahagi sa iba ang relasyon na mayroon ka sa Kanya.
- Ipanalangin ang mga kamag-anak o kaibigan mo na nasa ilalim pa rin ng pang-aalipin ng mundo. Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng mga salita na masasabi mo upang gabayan sila papunta kay Cristo. Ipanalangin na matanggap din nila ang kalayaan na nagmumula kay Cristo.

NOTES

REDISCOVERING CHRISTMAS

FILIPINO WEEK 4

Si Hesus Na Tagatubos

WARM-UP

- Anong mga pribilehiyo mula sa mga magulang mo ang pinaka ikinatutuwa mo?
- Ano ang pinakamahirap na panuntunan sa bahay ang kinailangan mong sundin noong bata ka? Bakit ka nahirapang sundin ito?
- Kung magagawa mong manahin ang kahit na anong pisikal na katangian ng mga magulang mo, ano ang pipiliin mo at bakit ito ang napili mo?

WORD

*Ngayon, hindi na tayo mga alipin kundi mga anak. At kung mga anak tayo ng Diyos, tagapagmana rin tayo ng mga pangako niya. **MGA TAGA-GALACIA 4:7***

(Basahin din ang **MGA TAGA-GALACIA 4:1-6.**)

Nilinaw ni apostol Pablo sa mga talatang ito kung sino tayo kay Cristo. Dumating si Jesus upang palayain tayo mula sa pagiging mga alipin at gawin tayong mga anak. Ang pagkakakilanlan natin kay Jesus ay hindi natin pinaghirapan. Ito ay libreng regalo na ibinigay Niya sa atin. Ngayon, titignan natin kung paano tayo pinalaya ni Cristo mula sa pagiging alipin upang maging mga anak at tagapagmana ng Diyos.

1 Alipin

Ganoon din naman ang kalagayan natin bago dumating si Cristo – inalipin tayo ng mga panuntunan ng mundong ito.

MGA TAGA-GALACIA 4:3

Bilang mga bata bago ang pagdating ni Cristo, ang mga tao ay pinamamahalaan ng mga panuntunan na ibinigay sa kanila. Gaya ng sinabi ni Pablo, *inalipin tayo ng mga panuntunan ng mundong ito*. Bago ang pagdating ni Cristo, tayo ay *walang ipinagkaiba sa mga alipin*, tayo ay walang kalayaan. Subalit si Jesus ay dumating upang palayain tayo. Ano ang sinasabi ng Mga Taga-Galacia 4:8 tungkol sa mga taong hindi nakakakilala sa Diyos? Bakit ang mga tao ngayon ay patuloy sa pagiging mga alipin ng mundo?

2 Anak

⁴Ngunit nang dumating na ang takdang panahon, isinugo ng Diyos ang kanyang Anak sa mundo. Ipinanganak siya ng isang babae at namuhay sa ilalim ng Kautusan ⁵para palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan, nang sa ganoon ay maging anak tayo ng Diyos. **MGA TAGA-GALACIA 4:4,5**

Si Jesus ay ipinadala sa mundo, ipinanganak na tao gaya natin na namuhay sa ilalim ng Kautusan. Tinubos tayo ni Jesus mula sa pagka-alipin sa pamamagitan ng Kanyang dugo. Ang pagtubos ay nangangahulugan ng pagbabayad ng buong halaga. Ang Kanyang buhay ang ipinambayad Niya para sa atin. Dahil sa sakripisyong ito, magagawa nating tanggapin ang pag-amon sa atin ng Diyos upang maging mga anak Niya. Ano ang kaibahan ng mga alipin sa mga anak? Ano ang sinasabi ng 2 Corinto 6:18 tungkol sa relasyon natin sa Diyos?

3 Tagapagmana

Ngayon, hindi na tayo mga alipin kundi mga anak. At kung mga anak tayo ng Diyos, tagapagmana rin tayo ng mga pangako niya.

MGA TAGA-GALACIA 4:7

Dahil sa Kasulatan, alam natin hindi lamang ang pagkakakilanlan natin sa Diyos, kundi maging ang mayroon tayo sa Kanya. Ipinadala ng Diyos si Jesus upang tubusin tayo mula sa pagiging alipin at gawin tayong mga anak at tagapagmana Niya. Bilang mga tagapagmana, siguradong matatanggap natin ang ating mana mula sa ating Ama (Tito 3:7). Ayon sa Mga Taga-Efeso 3:6, sino ang mga makakatanggap ng mga pangako ng Diyos at saan sila magiging bahagi? Ano ang ilang bagay na natanggap mo na simula nang tanggapin mo si Cristo sa buhay mo?

APPLICATION

- Nasisiguro mo na ba na ikaw ay anak ng Diyos? Ano ang maaari mong gawin ngayong linggo upang lumalim sa pagkakaintindi mo sa Diyos bilang iyong Ama?
- May bahagi ba ng buhay mo na sa tingin mo ay nasa ilalim pa ng pang-aalipin ng mundo? Kumausap ng isang tao na malalim ang relasyon sa Diyos upang tulungan kang matanggap ang kalayaan na mayroon ka dahil kay Cristo.
- May kakilala ka ba na kailangang maranasan ang kalayaan na ibinibigay ni Cristo? Ano ang maaari mong gawin ngayong linggo upang ipakilala si Jesus sa taong ito?